

# Study Journal

"Ang kaalaman na nairekord nang mabuti ay magagamit sa oras ng pangangailangan. Ang mga sensitibong espirituwal na impormasyon ay dapat itago sa sagradong lugar na nagpapakita sa Panginoon kung paano mo ito pahalagahan. Kapag ganito ang ginagawa mo ay malamang na makatanggap ka pa ng dagdag na liwanag."

Richard G. Scott, "Acquiring Spiritual Knowledge," *Ensign,* Nob. 1993, 88

# ANG BUHAY NA CRISTO

## Ang Patotoo ng mga Apostol

### Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Habang ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo dalawang libong taon na ang nakararaan, iniaalay namin ang aming patotoo tungkol sa katotohanan ng Kanyang hindi mapapantayang buhay at ang walang hanggang kapangyarihan ng Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Walang sinuman ang nakapagbigay ng gayong makahulugang impluwensiya sa lahat ng nabuhay na at sa lahat ng mabubuhay pa sa mundo.

Siya ang Dakilang Jehova ng Lumang Tipan, at ang Mesiyas ng Bago. Sa ilalim ng pamamahala ng Kanyang Ama, Siya ang manlilikha ng daigdig. "Ang lahat ng mga bagay ay ginawa niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya" (Juan 1:3). Bagaman siya ay walang kasalanan, bininyagan siya upang gawin ang buong katuwiran. Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Ang mga Gawa 10:38), gayon pa man ay kinamuhian siya dahil dito. Ang Kanyang ebanghelyo ay mensahe ng kapayapaan at mabuting balita. Nakiusap Siya sa lahat na sumunod sa Kanyang halimbawa. Binagtas niya ang mga daan sa Palestina na nanggagamot ng maysakit, nagbibigay ng paningin sa bulag, at nagpapabangon ng patay. Itinuro Niya ang katotohanan tungkol sa kawalang-hanggan, at ang katotohanan tungkol sa buhay natin bago tayo nabuhay sa mundo, ang layunin ng buhay natin sa mundo, at ang potensiyal ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos sa buhay na darating.

Pinasimulan Niya ang sakramento bilang paalaala sa Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Dinakip Siya at tinuligsa batay sa mga maling paratang, pinarusahan upang mabigyang-kasiyahan ang mga mandurumog, at hinatulan ng kamatayan sa krus ng Kalbaryo. Inialay Niya ang Kanyang buhay para sa kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Siya ang dakilang kaloob para sa lahat ng mabubuhay sa ibabaw ng mundo.

Taimtim kaming nagpapatotoo na ang Kanyang buhay, na siyang tampulan ng buong kasaysayan ng sangkatauhan, ay hindi nagsimula sa Betlehem o nagtapos sa Kalbaryo. Siya ang Panganay ng Ama, ang Bugtong na Anak sa laman, ang Manunubos ng daigdig.

Nagbangon Siya sa libingan upang "maging pangunahing bunga ng nangatutulog" (I Mga Taga Corinto 15:20). Bilang Nabuhay na Mag-uling Panginoon, dumalaw Siya sa mga taong minahal Niya noong nabubuhay pa Siya sa lupa. Naglingkod din Siya sa Kanyang "ibang mga tupa" (Juan 10:16) sa sinaunang Amerika. Sa makabagong daigdig, Siya at ang Kanyang Ama ay nagpakita sa batang lalaking si Joseph Smith, upang pasimulan ang matagal nang ipinangakong "kaganapan ng mga panahon" (Mga Taga Efeso 1:10).

Tungkol sa Buhay na Cristo, isinulat ng Propetang Joseph: "Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni Jehova, na nagsasabing:

"Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama" (Doktrina at mga Tipan 110:3–4).

Tungkol sa Kanya ay ipinahayag rin ng Propeta: "At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

"Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—


"Na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 76:22–24).

Ipinahahayag namin nang taimtim na ang Kanyang pagkasaserdote at Kanyang Simbahan ay ipinanumbalik na sa mundo na—"itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol, at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato na panulok" (Mga Taga Efeso 2:20).

Nagpapatotoo kami na darating ang panahon na babalik Siyang muli sa mundo. "At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao" (Isaias 40:5). Mamamahala siya bilang Hari ng mga Hari at maghahari bilang Panginoon ng mga Panginoon, ang bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magpapahayag sa pagsamba sa Kanya. At bawat isa sa atin ay tatayo upang hatulan Niya ayon sa ating mga gawa at naisin ng ating mga puso.


Nagpapatotoo kami, bilang Kanyang marapat na inordenan na mga Apostol—na si Jesus ang Buhay na Cristo, ang walang kamatayang Anak ng Diyos. Siya ang dakilang Haring Emmanuel, na ngayon ay nakatayo sa kanang kamay ng Kanyang Ama. Siya ang liwanag, ang buhay, at pag-asa ng mundo. Siya ang daan na naghahatid sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Salamat sa Diyos sa Kanyang walang kapantay na kaloob na Kanyang banal na Anak.


**ANG UNANG PANGULUHAN**



Ika-1 ng Enero, 2000

**ANG KORUM NG LABINDALAWA**





# Doctrinal Mastery

Core Document

## Pambungad sa Doctrinal Mastery

Sa Aklat ni Mormon, itinuro ni propetang Helaman sa kanyang mga anak na lalaki, "Sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan" (Helaman 5:12). Ang pagtatayo ng saligan kay Jesucristo—na kinabibilangan ng pag-unawa, paniniwala, at pamumuhay ayon sa Kanyang doktrina—ay magpapalalim ng ating pagbabalik-loob at katapatan bilang Kanyang mga disipulo, poprotekta sa atin laban sa impluwensya ng kaaway, at tutulong sa atin na pagpalain ang buhay ng iba.

Isa sa mga paraan na magagawa natin ito ay sa sama-samang pag-aaral sa klase ng mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito. Isa pang paraan ng pagtatayo ng saligan kay Jesucristo at sa Kanyang doktrina ay sa pamamagitan ng pagsisikap na tinawag na Doctrinal Mastery.

Ang Doctrinal Mastery ay nakapokus sa dalawang resulta:

1. Pag-aaral at pamumuhay ng mga banal na alituntunin para magtamo ng espirituwal na kaalaman

   Nagpahayag ang Ama sa Langit ng mga alituntunin para sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman. Kabilang sa mga alituntuning ito ang pagkilos nang may pananampalataya, pagsuri sa mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw, at pagnanais na madagdagan ang pang-unawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources. Nagkakaroon tayo ng lubos na kaalaman sa doktrina o doctrinal mastery kapag nagagawa natin ang mga alituntuning ito at natututong maghanap ng mga sagot sa doktrina at kasaysayan sa paraang naaanyayahan ang Espiritu Santo na palakasin ang ating pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang doktrina.

2. Pagiging mahusay sa doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa mga scripture passage kung saan itinuro ang doktrina

   Ang resultang ito ng Doctrinal Mastery ay natatamo sa:

   a. Lalo pang pagpapalalim ng pang-unawa sa bawat isa sa sumusunod na mga paksa at sa mahahalagang pahayag tungkol sa doktrina na natukoy sa bawat paksa:

      - Ang Panguluhang Diyos
      - Ang plano ng kaligtasan
      - Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo
      - Ang Panunumbalik
      - Mga propeta at paghahayag
      - Ang priesthood at mga susi ng priesthood
      - Mga ordenansa at mga tipan
      - Pag-aasawa at pamilya
      - Mga kautusan

   b. Pag-alam kung paano itinuturo ang mga doktrina sa mga doctrinal mastery scripture passage at pagkakaroon ng kakayahan na maisaulo at mahanap ang mga passage na iyon.

   c. Pagpapaliwanag nang malinaw sa bawat doktrina, gamit ang mga nauugnay na doctrinal mastery passage.

   d. Pagsasabuhay ng natutuhan natin sa ating mga pagpili araw-araw at sa ating mga tugon sa mga paksa at tanong ukol sa doktrina, lipunan, at kasaysayan.

# Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman

Dahil mahal tayo ng ating Ama sa Langit at nais Niya tayong umunlad upang maging katulad Niya, hinikayat Niya tayo na "maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118). Sa paghahanap natin sa katotohanan, mapagkakatiwalaan natin Siya nang lubos, na umaasa sa Kanyang karunungan, Kanyang pagmamahal, at Kanyang kapangyarihan na turuan at pagpalain tayo. Alam ng Diyos ang lahat ng bagay at Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan (tingnan sa Mosias 4:9). Ipinangako Niya na ihahayag ang katotohanan sa ating mga puso at isipan sa pamamagitan ng Espiritu Santo kung masigasig natin Siyang hahanapin (tingnan sa D at T 8:2–3).

Para matulungan tayo, itinuro sa atin ng Ama sa Langit kung paano magtamo ng espirituwal na kaalaman. Siya ay nagbigay ng mga kondisyon na dapat nating sundin para magtamo ng gayong kaalaman. Sa Kanyang itinakdang huwaran, hinihingi sa atin na magkaroon tayo ng tapat na hangaring malaman ang katotohanan (tingnan sa Moroni 10:4–5) at maging handang mamuhay ayon sa inihayag ng Diyos (tingnan sa Juan 7:17). Ang ating tapat na hangarin ang aakay sa atin na hanapin ang katotohanan sa pamamagitan ng panalangin (tingnan sa Santiago 1:5–6; 2 Nephi 32:8–9) at dibdibang pag-aaral sa salita ng Diyos (tingnan sa II Kay Timoteo 3:15–17; 2 Nephi 32:3).

Minsan ay may matutuklasan tayong mga bagong impormasyon o magkakaroon ng mga tanong tungkol sa doktrina, gawain, o kasaysayan ng Simbahan na tila mahirap unawain. Ang pagtatanong at paghahanap ng mga sagot ay mahalagang bahagi ng ating pagsisikap na malaman ang katotohanan. Ang ilang mga tanong na maiisip natin ay maaaring binigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo. Ang mga tanong na binigyang-inspirasyon ay dapat ituring na mga kaloob mula sa Diyos na nagbibigay ng mga pagkakataon para madagdagan ang ating pang-unawa at mapalakas ang ating pananalig na handa tayong turuan ng Panginoon. Anuman ang pinagmulan ng ating mga tanong, nabiyayaan tayo ng kakayahang mag-isip at mangatwiran at napapalawak ang ating isipan at napalalalim ang ating pang-unawa ng impluwensya ng Panginoon na napasaatin. Ang saloobin at layunin ng ating pagtatanong at paghahanap ng sagot ay malaki ang epekto sa kakayahan nating matuto sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ang sumusunod na tatlong alituntunin ay makagagabay sa atin kapag hinangad natin na matuto at maunawaan ang walang-hanggang katotohanan at malutas ang mga tanong o mga problema: Kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa gamit ang mga itinalagang tulong o sources.

## 1. Kumilos nang may Pananampalataya

Kumikilos tayo nang may pananampalataya kapag pinipili nating magtiwala sa Diyos at lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng taimtim na panalangin, pag-aaral ng Kanyang mga turo, at pagsunod sa Kanyang mga utos.

Kapag hinahangad natin na pagbutihin ang ating pang-unawa at malutas ang mga problema, mahalagang umasa tayo sa ating patotoo kay Jesucristo, sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo, at sa mga turo ng Kanyang inordenan na mga propeta. Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland: "Pagdating ng mga sandaling iyon at magkaroon ng mga problema, at hindi ito malutas kaagad, *manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman*" ("Panginoon, Nananampalataya Ako," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2013, 94). Ang Panginoon mismo ay nag-anyaya sa atin na "isaalang-alang [Siya] sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot" (D at T 6:36).

Sa mga oras na maaaring hindi natin agad mahanap ang mga sagot sa ating mga tanong, makabubuting tandaan na kahit inihayag ng Ama sa Langit ang lahat ng kailangan para sa ating kaligtasan, hindi pa Niya inihahayag ang lahat ng katotohanan. Kapag patuloy nating hinahanap ang mga sagot, dapat tayong mamuhay nang may pananampalataya—nagtitiwala na kalaunan ay matatanggap ang mga sagot na

hinahanap natin (tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–6; Eter 12:6). Kapag tayo ay tapat sa katotohanan at liwanag na natanggap na natin, mas makatatanggap pa tayo. Ang mga sagot sa ating mga tanong at panalangin ay madalas na dumarating nang "taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30).

## 2. Suriin ang mga Konsepto at mga Tanong nang may Walang-hanggang Pananaw

Para masuri ang mga konsepto, tanong, at isyung panlipunan tungkol sa doktrina nang may walang-hanggang pananaw, isinasaalang-alang natin ang mga ito sa konteksto ng plano ng kaligtasan at sa mga turo ng Tagapagligtas. Hinahangad natin ang tulong ng Espiritu Santo para makita ang mga bagay tulad sa kung paano nakikita ng Panginoon ang mga ito. Nagtutulot ito sa atin na maiayos o mai-adjust ang tanong (makita ang tanong sa ibang paraan) at tingnan ang mga ideya ayon sa pamantayan ng katotohanan ng Panginoon sa halip na tanggapin ang ideya o mga haka-haka ng mundo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:5, 9–11). Magagawa natin ito sa pagtatanong nang ganito "Ano na ba ang alam ko tungkol sa Ama sa Langit, sa Kanyang plano, at kung paano Siya nakikitungo sa Kanyang mga anak?" at "Anong mga turo ng ebanghelyo ang nauugnay o naglilinaw sa konsepto o problemang ito?"

Kahit ang mga tanong na nauugnay sa kasaysayan ay maaaring kailangang suriin nang may walang-hanggang pananaw. Kapag nanatili tayong matatag na nagtitiwala sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang plano ng kaligtasan, makikita natin ang mga problema nang mas malinaw. Makatutulong din na suriin ang mga tanong sa kasaysayan sa wastong konteksto ng kasaysayan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kultura at pamantayan noong panahon nito sa halip na igiit ang mga kasalukuyang pananaw at saloobin.

Mahalagang tandaan na ang mga detalye ng kasaysayan ay hindi nagbibigay ng nakapagliligtas na kapangyarihan ng mga ordenansa, mga tipan, at doktrina. Ang pagkalito dahil sa di-gaanong mahahalagang detalye na magbubunga ng hindi pagkaunawa sa himala ng Panunumbalik ay tulad ng pag-uukol ng oras sa pagsuri sa isang kahon ng regalo at hindi pagpansin sa kagandahan mismo ng regalo.

## 3. Hangarin na Mas Makaunawa sa Pamamagitan ng mga Itinalagang Tulong o Sources na Ibinigay ng Diyos

Bilang bahagi ng paraang itinakda ng Panginoon sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman, naglaan Siya ng mga tulong o sources kung saan naghahayag Siya ng katotohanan at patnubay sa Kanyang mga anak. Kabilang sa mga tulong o sources na ito ang liwanag ni Cristo, ang Espiritu Santo, mga banal na kasulatan, mga magulang, at mga lider ng Simbahan. Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol—ang mga propeta ng Panginoon sa mundo ngayon—ay mahahalagang mapagkukuhanan ng katotohanan. Pinili at inordenan ng Panginoon ang mga taong ito na magsalita para sa Kanya.

Matututuhan din natin ang katotohanan sa pamamagitan ng iba pang mapagkakatiwalaang tulong o sources. Gayunman, ang mga tapat na naghahanap ng katotohanan ay dapat mag-ingat sa mga di-mapagkakatiwalaang pinagkukunan ng impormasyon. Nabubuhay tayo sa isang panahon na maraming "nagsisitawag [na ang] mabuti ay masama, at [ang] masama ay mabuti" (Isaias 5:20). Si Satanas ang ama ng kasinungalingan at naghahangad na baluktutin ang katotohanan at udyukan tayo na talikuran ang Panginoon at ang Kanyang mga hinirang na tagapaglingkod. Kapag lumapit tayo sa mga ibinigay na tulong o sources ng Panginoon para sa mga sagot at patnubay, mabibiyayaan tayo na malaman ang tama at ang mali. Ang matutuhang matukoy at maiwasan ang mga di-mapagkakatiwalaang tulong o sources ay maaaring magprotekta sa atin laban sa mga maling impormasyon at mula sa mga taong naghahangad na wasakin ang ating pananampalataya.

## Pagtulong sa Iba na Magtamo ng Espirituwal na Kaalaman

Kapag ang iba ay lumapit sa atin na nagtatanong o nag-iimbestiga sa doktrina, mga gawain, o kasaysayan ng Simbahan, paano natin sila higit na matutulungan

sa kanilang paghahanap ng katotohanan? Ang sumusunod ay ilan sa mga paraan na matutulungan natin sila:

***Makinig nang mabuti at nang mapanalangin:*** Makinig na mabuti bago ka tumugon, na hangad na linawin at maunawaan ang talagang itinatanong nila. Hangaring maunawaang mabuti ang tunay na layunin ng kanilang mga tanong at ng kanilang mga nadarama at paniniwala.

***Magturo at magpatoo sa mga katotohanan ng ebanghelyo:*** Magbahagi ng mga angkop na turo mula sa mga banal na kasulatan at mula sa mga propeta ngayon at kung paano sila nakagawa ng kaibhan sa buhay mo. Tulungan ang mga kinakausap mo na suriin o iangkop ang kanilang mga tanong sa konteksto ng ebanghelyo at ng plano ng kaligtasan.

***Anyayahan sila na kumilos nang may pananampalataya:*** Tandaan na iniutos sa atin ng Panginoon na magtamo ng espirituwal na kaalaman para sa ating sarili. Samakatwid, dapat nating anyayahan ang iba na kumilos nang may pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin, pagsunod sa mga kautusan, at masigasig na pag-aaral ng salita ng Diyos, na ginagamit ang mga itinalagang mapagkukunan ng tulong o sources, lalo na ang Aklat ni Mormon. Kung naaangkop, anyayahan sila na alalahanin ang kanilang mga karanasan kung saan nadama nila ang Espiritu Santo at na mahigpit na kumapit sa mga walang-hanggang katotohanan na natutuhan nila hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman.

***Tapusin ang nasimulan:*** Sabihin na tutulong ka sa pagsasaliksik ng mga sagot, at pagkatapos ay sundan ito ng pagbabahagi ng nalaman mo. Maaari din na magkasama ninyong saliksikin ang mga sagot. Magpakita ng tiwala sa pangako ng Panginoon na magbibigay Siya ng personal na paghahayag.

*Mga kaugnay na reperensya:* Jeremias 1:4–5; Amos 3:7; Mateo 5:14–16; Mateo 16:15–19; Juan 15:16; Juan 17:3; Mga Taga Efeso 2:19–20; Mga Taga Efeso 4:11–14; 2 Nephi 2:27; Mosias 18:8–10; 3 Nephi 18:15, 20–21; D at T 1:37–38; D at T 18:15–16; D at T 21:4–6

*Mga kaugnay na paksa ng doktrina:* Ang Panguluhang Diyos: Ang Espiritu Santo; Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo: Pananampalataya kay Jesucristo; Mga Propeta at Paghahayag; Mga Kautusan

# Mga Paksa ng Doktrina

## 1. Ang Panguluhang Diyos

May tatlong magkakahiwalay na katauhan sa Panguluhang Diyos: ang Diyos, ang Amang Walang Hanggan; ang Kanyang Anak na si Jesucristo; at ang Espiritu Santo. Ang Ama at ang Anak ay may mga niluwalhating katawang may laman at buto, at ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu (tingnan sa D at T 130:22–23). Iisa ang kanilang layunin at sila ay ganap na nagkakaisa sa pagsasakatuparan ng plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit.

*Mga kaugnay na reperensya:* Genesis 1:26–27; Lucas 24:36–39; Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20

### Diyos Ama

Ang Diyos Ama ang Pinakadakilang Nilalang na ating sinasamba. Siya ang Ama ng ating mga espiritu (tingnan sa Sa Mga Hebreo 12:9). Siya ay perpekto, nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan, at alam Niya ang lahat ng bagay. Siya rin ay makatarungan, maawain, at mabait. Lubos na minamahal ng Diyos ang bawat isa sa Kanyang mga anak, at lahat ay pantay-pantay sa Kanya (tingnan sa 2 Nephi 26:33). Ang Kanyang gawain at kaluwalhatian ay isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.

*Mga kaugnay na reperensya:* Juan 17:3; Mosias 4:9; Moises 1:39

### Jesucristo

Si Jesucristo ang Panganay na Anak ng Ama sa espiritu at ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Sa ilalim ng patnubay ng Ama, nilikha ni Jesucristo ang langit at ang lupa. Siya ang Jehova ng Lumang Tipan at ang Mesiyas ng Bagong Tipan.

Ginagawa ni Jesucristo ang kalooban ng Ama sa lahat ng bagay. Namuhay Siya nang walang kasalanan at nagbayad-sala para sa kasalanan ng buong sangkatauhan (tingnan sa 3 Nephi 11:10–11). Ang Kanyang buhay ay perpektong halimbawa kung paano tayo dapat mamuhay (tingnan sa 3 Nephi 12:48). Siya ang una sa mga anak ng Ama sa Langit na nabuhay na mag-uli. Sa ating panahon, tulad noong sinauna, Siya ang namumuno sa Kanyang Simbahan. Siya ay darating muli sa kapangyarihan at kaluwalhatian at maghahari sa mundo sa Milenyo (tingnan sa D at T 29:10–11). Hahatulan Niya ang buong sangkatauhan.

Dahil si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at ang ating Tagapamagitan sa Ama, ang lahat ng panalangin, pagbabasbas, at ordenansa ng priesthood ay dapat gawin sa Kanyang pangalan (tingnan sa 3 Nephi 18:15, 20–21).

*Mga kaugnay na reperensya:* Isaias 53:3–5; Lucas 24:36–39; I Mga Taga Corinto 15:20–22; Apocalipsis 20:12; Alma 7:11–13; Alma 34:9–10; Helaman 5:12; Moroni 7:45, 47–48; D at T 1:30; D at T 6:36; D at T 18:10–11; D at T 19:16–19; D at T 76:22–24

*Kaugnay na paksa:* Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

### Ang Espiritu Santo

Ang Espiritu Santo ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ay isang personaheng espiritu at walang katawang may laman at buto. Madalas Siyang tinutukoy bilang ang Espiritu, ang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu ng Panginoon, at ang Mang-aaliw.

Ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa Ama at sa Anak, naghahayag ng katotohanan ng lahat ng bagay, at nagpapabanal sa mga nagsisisi at nagpapabinyag. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, makatatanggap tayo ng mga espirituwal na kaloob, na mga pagpapala o kakayahan na ibinigay ng Panginoon para sa ating ikabubuti at upang tulungan tayong maglingkod at pagpalain ang iba.

*Mga kaugnay na reperensya:* Juan 3:5; I Mga Taga Corinto 2:5, 9–11; 2 Nephi 32:3; 2 Nephi 32:8–9; Mosias 3:19; Mosias 18:8–10; 3 Nephi 27:20; Moroni 7:45, 47–48; Moroni 10:4–5; D at T 8:2–3; D at T 130:22–23

*Mga kaugnay na paksa:* Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman; Mga Ordenansa at mga Tipan

## 2. Ang Plano ng Kaligtasan

Sa buhay bago ang buhay sa mundo, ipinakilala ng Ama sa Langit ang isang plano na magtutulot sa atin na maging katulad Niya at magtamo ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan (tingnan sa Moises 1:39). Para matupad ang planong ito at maging katulad ng ating Ama sa Langit, dapat nating makilala Siya at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at magkaroon ng tamang pagkaunawa sa Kanilang mga banal na katangian (tingnan sa Juan 17:3).

Tinukoy ng mga banal na kasulatan ang plano ng Ama sa Langit bilang ang plano ng kaligtasan, ang dakilang plano ng kaligayahan, ang plano ng pagtubos, at ang plano ng awa. Kabilang sa planong ito ang Paglikha, ang Pagkahulog, ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at ang lahat ng mga batas, ordenansa, at doktrina ng ebanghelyo. Ang kalayaang moral—ang kakayahang pumili at kumilos para sa ating sarili—ay mahalaga rin sa plano ng Ama sa Langit. Ang ating walang-hanggang pag-unlad ay nakabatay sa kung paano natin gagamitin ang kaloob na ito (tingnan sa Josue 24:15; 2 Nephi 2:27).

Si Jesucristo ang sentro sa plano ng Ama sa Langit. Ang plano ng kaligtasan ay magtutulot sa atin na maging perperkto, makatanggap ng ganap na kagalakan, makasama ang ating pamilya sa buong kawalang-hanggan, at mamuhay nang walang-hanggan sa piling ng Diyos.

*Mga kaugnay na reperensya:* Malakias 4:5–6; 3 Nephi 12:48; D at T 131:1–4

## Buhay Bago ang Buhay sa Mundo

Bago tayo isinilang sa mundo, namuhay tayo sa piling ng ating Ama sa Langit bilang Kanyang mga espiritung anak (tingnan sa Abraham 3:22–23). Nakibahagi tayo sa isang kapulungan sa buhay bago tayo isinilang sa mundong ito kasama ang iba pang mga espiritung anak ng Ama sa Langit. Ipinaalam ng Ama sa Langit sa kapulungang iyon ang Kanyang plano at nakipagtipan ang premortal na si Jesucristo na maging Tagapagligtas.

Ginamit natin ang ating kalayaang pumili para sundin ang plano ng Ama sa Langit. Ang mga sumunod sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay pinahintulutang pumarito sa mundo para makaranas ng mortalidad at pag-unlad tungo sa buhay na walang-hanggan. Si Lucifer, na isa pang espiritung anak ng Diyos, ay naghimagsik laban sa plano. Siya ay naging si Satanas, at siya at ang kanyang mga alagad ay itinaboy sa langit at pinagkaitan ng pribilehiyong tumanggap ng pisikal na katawan at makaranas ng buhay sa mundo.

*Mga kaugnay na reperensya:* Jeremias 1:4–5; Sa Mga Hebreo 12:9; 2 Nephi 2:27; 3 Nephi 11:10–11

## Ang Paglikha

Nilikha ni Jesucristo ang langit at ang lupa sa ilalim ng pamamahala ng Ama (tingnan sa D at T 76:22–24). Ang Paglikha ng mundo ay mahalaga sa plano ng Diyos. Naglaan ito ng isang lugar kung saan magkakaroon tayo ng pisikal na katawan, para masubukan, at magkaroon ng mga banal na katangian.

Si Adan ang unang tao na nilikha sa mundo. Nilikha ng Diyos sina Eva at Adan sa Kanyang sariling larawan. Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos (tingnan sa Genesis 1:26–27). Ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng bawat tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niya sa mundo, at sa walang hanggan.

## Ang Pagkahulog

Sa Halamanan ng Eden, ikinasal ng Diyos sina Eva at Adan. Habang nasa halamanan sina Eva at Adan, kapiling pa rin nila ng Diyos at maaaring mabuhay nang walang hanggan. Nabuhay sila sa kawalang-malay, at inilaan ng Diyos ang kanilang mga pangangailangan.

Ibinigay ng Diyos kina Eva at Adan ang kanilang kalayaang pumili habang sila ay nasa Halamanan ng Eden. Iniutos Niya na huwag kainin ang ipinagbabawal na bunga—ang bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. Ang pagsunod sa utos na ito ay nangangahulugang mananatili sila sa halamanan. Gayunman, hindi pa nauunawaan nina Eva at Adan na kung mananatili sila sa halamanan, hindi sila uunlad sa pamamagitan ng pagdanas ng oposisyon sa buhay. Hindi nila malalaman ang kagalakan dahil hindi sila makararanas ng kalungkutan at pasakit. Dagdag pa rito, hindi sila magkakaanak.

Tinukso ni Satanas sina Eva at Adan na kainin ang ipinagbabawal na bunga, at pinili nilang gawin ito. Dahil sa pagpiling ito, itinaboy sila mula sa piling ng Diyos at nahulog at naging mortal. Ang paglabag nina Eva at Adan at ang mga pagbabago na naranasan nila bilang resulta nito, kabilang na ang espirituwal at pisikal na kamatayan, ay tinatawag na Pagkahulog. Ang espirituwal na kamatayan ay pagkawalay sa Diyos. Ang pisikal na kamatayan ay ang paghihiwalay ng espiritu at ng katawang mortal.

Ang Pagkahulog ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan ng ating Ama sa Langit. Bilang resulta ng Pagkahulog, magkakaroon ng mga anak sina Eva at Adan. Sila at ang kanilang angkan ay makararanas ng kagalakan at kalungkutan, malalaman ang tama

sa mali, at uunlad (tingnan sa 2 Nephi 2:22–25). Bilang mga inapo nina Eva at Adan, minana natin ang nahulog na kalagayan sa mortalidad. Nawalay tayo sa piling ng Diyos at daranas ng pisikal na kamatayan. Tayo rin ay sinusubukan ng mga paghihirap ng mortal na buhay at ng mga tukso ng kaaway. Bagama't hindi tayo mananagot sa paglabag nina Eva at Adan, tayo ang mananagot sa ating mga kasalanan. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, malalampasan natin ang mga negatibong epekto ng Pagkahulog, makatatanggap ng kapatawaran ng ating mga kasalanan, at makararanas kalaunan ng ganap na kagalakan.

*Mga kaugnay na reperensya:* Genesis 1:28; Mosias 3:19; Alma 34:9–10

*Kaugnay na paksa:* Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

## Buhay sa Mundo

Ang buhay sa mundo ay isang panahon ng pag-aaral, kung kailan ating pinapatunayan na gagamitin natin ang ating kalayaang pumili para gawin ang lahat ng iniutos ng Panginoon at maghanda para sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga banal na katangian. Nagagawa natin ito kapag nanampalataya tayo kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, nagsisi, tumanggap ng mga nakapagliligtas na ordenansa tulad ng binyag at kumpirmasyon, at nanatiling matapat hanggang sa wakas ng ating buhay sa mundo sa pagtulad sa halimbawa ni Jesucristo.

Sa mortalidad, magkasama ang ating espiritu at pisikal na katawan, na nagbibigay sa atin ng mga pagkakataon na lumago at umunlad sa mga paraan na hindi posible noon sa buhay bago ang buhay sa mundo. Dahil ang ating Ama sa Langit ay may katawang may laman at buto, kailangan ang ating mga katawaan para umunlad tayo at maging katulad Niya. Ang ating mga katawan ay sagrado at dapat igalang bilang kaloob mula sa ating Ama sa Langit (tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:19–20).

*Mga kaugnay na reperensya:* Josue 24:15; Mateo 22:36–39; Juan 14:15; 2 Nephi 2:27; 3 Nephi 12:48; Moroni 7:45, 47–48; D at T 130:22–23

*Mga kaugnay na paksa:* Ang Panguluhang Diyos; Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Mga Ordenansa at mga Tipan; Mga Kautusan

## Kabilang-buhay

Kapag namatay tayo, mapupunta ang ating mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu at maghihintay sa Pagkabuhay na Mag-uli. Ang espiritu ng mabubuti ay tatangapin sa isang kalagayan ng kaligayahan na tinatawag na paraiso. Ang mga namatay nang walang kaalaman sa katotohanan at ang mga sumuway sa mortalidad ay mapupunta sa isang pansamantalang lugar sa kabilang-buhay na tinatawag na bilangguan ng mga espiritu.

Bawat tao ay magkakaroon kalaunan ng pagkakataon na malaman ang mga alituntunin ng ebanghelyo at matanggap ang mga ordenansa at tipan nito. Marami sa matatapat ang mangangaral ng ebanghelyo sa mga nasa bilangguan ng mga espiritu. Ang mga yaong pipiliin na tanggapin ang ebanghelyo, magsisisi, at tatanggap sa mga ordenansa ng kaligtasan na isinagawa para sa kanila sa mga templo ay mananahan sa paraiso hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa I Ni Pedro 4:6).

Ang Pagkabuhay na Mag-uli ay ang pagsasamang muli ng ating katawang espiritu at ng ating perpektong pisikal na katawang may laman at buto. Pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, tayo ay magiging imortal—hindi na muling maghihiwalay ang ating espiritu at katawan. Bawat taong isinilang sa mundo ay mabubuhay na muli dahil nadaig ni Jesucristo ang pisikal na kamatayan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–22). Ang mabubuti ay mabubuhay na muli bago ang masasama at babangon sa Unang Pagkabuhay na Mag-uli.

Ang Huling Paghuhukom ay magaganap pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli. Hahatulan ni Jesucristo ang bawat tao para malaman ang walang-hanggang kaluwalhatian na matatanggap nila. Ang paghatol ay ibabatay sa hangarin at pagsunod ng bawat tao sa mga iniutos ng Diyos (tingnan sa Apocalipsis 20:12).

May tatlong kaharian ng kaluwalhatian: ang kahariang selestiyal, ang kahariang terestriyal, at ang kahariang telestiyal (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:40–42). Ang mga matatapat sa kanilang patotoo kay Jesus at masunurin sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay mananahan sa kahariang selestiyal sa piling ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, at kasama ang kanilang mabubuting kapamilya at kamag-anak.

*Mga kaugnay na reperensya:* Lucas 24:36–39; Juan 17:3; D at T 131:1–4

*Mga kaugnay na paksa:* Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Mga Ordenansa at mga Tipan

## 3. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Si Jesucristo ay inorden noon pa man sa kapulungan sa buhay bago ang buhay sa mundo para maging ating Tagapagligtas at Manunubos. Naparito Siya sa mundo at nagdusa at namatay upang matubos ang buong sangkatauhan mula sa mga negatibong epekto ng Pagkahulog at mabayaran ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan. Ang tagumpay ni Jesucristo sa espirituwal at pisikal na kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa, pagkamatay, at Pagkabuhay na Mag-uli ay tinatawag na Pagbabayad-sala. Ang Kanyang sakripisyo ay pakikinabangan ng bawat isa sa atin at nagpapakita ng walang-hanggang kahalagahan ng bawat isa sa mga anak ng Ama sa Langit (tingnan sa D at T 18:10–11).

Sa pamamagitan lamang ni Jesucristo tayo maliligtas dahil Siya lamang ang may kakayahang gumawa ng isang walang-hanggang Pagbabayad-sala para sa buong sangkatauhan (tingnan sa Alma 34:9–10). Siya lamang ang may kapangyarihang madaig ang pisikal na kamatayan. Mula sa Kanyang mortal na ina, namana Niya ang katangiang mamatay. Mula sa Diyos, ang Kanyang imortal na Ama, namana Niya ang kapangyarihang mabuhay nang walang-hanggan o ialay ang Kanyang buhay at kunin itong muli. Siya lamang ang makatutubos sa atin mula sa ating mga kasalanan. Dahil namuhay Siya nang perpekto at walang kasalanan, malaya Siya mula sa mga hinihingi ng katarungan at makapagbabayad para sa mga taong magsisisi.

Kabilang sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang Kanyang pagdurusa para sa kasalanan ng buong sangkatauhan sa Halamanan ng Getsemani, ang pagtigis ng Kanyang dugo, ang Kanyang pagdurusa at kamatayan sa krus, at ang Kanyang literal na Pagkabuhay na Mag-uli. Siya ang unang nabuhay na mag-uli. Bumangon Siya mula sa libingan nang may niluwalhati at imortal na katawang may laman at buto (tingnan sa Lucas 24:36–39). Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, ang buong sangkatauhan ay mabubuhay na mag-uli na may mga perpekto at imortal na katawan at makababalik sa piling ng Diyos para mahatulan. Ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo ay naglaan ng tanging paraan para sa atin na malinis at mapatawad sa ating mga kasalanan para makapiling natin ang Diyos nang walang hanggan (tingnan sa Isaias 1:18; D at T 19:16–19).

Bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala, hindi lang nagdusa si Jesucristo para sa ating mga kasalanan, kundi dinala rin Niya sa Kanyang sarili ang mga pasakit, pagsubok, karamdaman, at kahinaan ng buong sangkatauhan (tingnan sa Isaias 53:3–5; Alma 7:11–13). Nauunawaan Niya ang ating pagdurusa dahil naranasan Niya ito. Kapag lumalapit tayo sa Kanya nang may pananampalataya, palalakasin tayo ng Tagapagligtas para makayanan ang ating mga pasanin at maisakatuparan ang mga gawain na hindi natin magagawa nang mag-isa (tingnan sa Mateo 11:28–30; Eter 12:27).

Sa pagbabayad para sa kaparusahan ng ating mga kasalanan, hindi inalis ni Jesucristo ang ating personal na responsibilidad. Upang matanggap ang Kanyang sakripisyo, malinis mula sa ating mga kasalanan, at magmana ng buhay na walang hanggan, dapat tayong manampalataya sa Kanya, magsisi, mabinyagan, matanggap ang Espiritu Santo, at manatiling tapat hanggang sa katapusan ng ating buhay.

*Mga kaugnay na reperensya:* Juan 3:5; I Mga Taga Corinto 15:20–22; Mosias 3:19; 3 Nephi 11:10–11; 3 Nephi 27:20; D at T 76:22–24

*Mga kaugnay na paksa:* Ang Panguluhang Diyos: Jesucristo; Ang Plano ng Kaligtasan: Ang Pagkahulog; Mga Ordenansa at mga Tipan

### Pananampalataya kay Jesucristo

Ang unang alituntunin ng ebanghelyo ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Ang pananampalataya natin ay hahantong lamang sa kaligtasan kung ito ay nakasentro kay Jesucristo (tingnan sa Helaman 5:12).

Kasama sa pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo ang matibay na paniniwala na Siya ang Bugtong na Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng daigdig. Nalaman natin na ang tanging paraan para makabalik tayo sa ating Ama sa Langit ay sa pamamagitan ng pagsalig sa walang-hanggang Pagbabayad-sala ng Kanyang Anak at sa pagtitiwala kay Jesucristo at pagsunod sa Kanyang mga turo. Higit pa sa basta paniniwala lang, ang tunay na pananampalataya kay Jesucristo ay humahantong sa paggawa at naipapakita sa paraan ng pamumuhay natin (tingnan sa Santiago 2:17–18). Ang ating pananampalataya ay mapapalakas kapag tayo ay nananalangin, nag-aaral ng mga banal na kasulatan, at sumusunod sa mga utos ng Diyos.

*Mga kaugnay na reperensya:* Mga Kawikaan 3:5–6; Eter 12:6; D at T 6:36

*Kaugnay na paksa:* Pagtamo ng Espirituwal na Kaalaman

### Pagsisisi

Ang pananampalataya kay Jesucristo at ang ating pagmamahal sa Kanya at sa Ama sa Langit ay naghihikayat sa atin na magsisi. Ang pagsisisi ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit para sa lahat ng Kanyang mga anak na mananagot sa kanilang mga pagpili. Naging posible ang kaloob na ito dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang pagsisisi ay pagbabago ng puso't isipan. Kabilang dito ang pagtalikod sa kasalanan at pagtutuon ng ating mga iniisip, ginagawa, at hangarin sa Diyos at pagsunod sa Kanyang kalooban (tingnan sa Mosias 3:19).

Kasama sa pagsisisi ang pagkilala sa ating mga kasalanan; pagdama ng kalungkutan, o kalumbayang mula sa Diyos, dahil sa nagawang kasalanan; pagtatapat sa ating mga kasalanan sa Ama sa Langit, at sa iba, kung kinakailangan; pagtalikod sa mga kasalanan; pagsisikap na maibalik, kung maaari, ang lahat ng napinsala dahil sa nagawa nating kasalanan; at pamumuhay nang sumusunod sa mga kautusan ng Diyos (tingnan sa D at T 58:42–43). Ipinangako ng Panginoon na patatawarin tayo sa ating mga kasalanan sa oras ng binyag, at mapapanibago natin ang tipang iyan sa tuwing taimtim tayong makikibahagi ng sakramento nang may layunin na aalalahanin ang Tagapagligtas at susundin ang Kanyang mga kautusan.

Sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi at sa biyaya na inihandog sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, matatanggap natin ang kapatawaran ng Diyos at makadarama ng kapayapaan. Mas madarama natin ang impluwensya ng Espiritu, at magiging mas handa tayong mabuhay nang walang hanggan kasama ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak.

*Mga kaugnay na reperensya:* Isaias 1:18; Juan 14:15; 3 Nephi 27:20; D at T 19:16–19

*Kaugnay na paksa:* Mga Ordenansa at mga Tipan

## 4. Ang Panunumbalik

Ipinanumbalik ng Diyos ang Kanyang ebanghelyo sa mga huling araw sa pamamagitan ng muling pagtatatag ng Kanyang mga katotohanan, awtoridad ng priesthood, at Simbahan sa lupa. Ipinahayag ng mga sinaunang propeta ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw (tingnan sa Isaias 29:13–14; Mga Gawa 3:19–21).

Nagsimula ang Panunumbalik noong 1820. Ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay nagpakita kay Joseph Smith bilang tugon sa panalangin ni Joseph, at tinawag Nila siya na maging Propeta ng Panunumbalik (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20). Tinawag ng Diyos si Joseph Smith na maging saksi ng buhay na Cristo sa mga huling araw. Bilang Propeta ng Panunumbalik, isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos (tingnan sa D at T 135:3). Kasama ng Biblia, ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo at naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo (tingnan sa Ezekiel 37:15–17). Ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo rin sa pagkakatawag kay Joseph Smith bilang propeta at sa katotohanan ng Panunumbalik.

Bilang bahagi ng Panunumbalik, nagpadala ang Diyos ng mga anghel para ibalik ang Aaronic at Melchizedek Priesthood. Pagkatapos ay iniutos Niya na iorganisa muli ang Kanyang Simbahan sa lupa noong Abril 6, 1830. Dahil ang Diyos mismo ang nag-organisa nito, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" (D at T 1:30).

*Mga kaugnay na reperensya:* Amos 3:7; Mga Taga Efeso 2:19–20; Mga Taga Efeso 4:11–14; D at T 13:1; D at T 76:22–24; D at T 107:8

*Mga kaugnay na paksa:* Ang Panguluhang Diyos; Mga Propeta at Paghahayag

### Apostasiya

Ang pangangailangan para sa Panunumbalik sa mga huling araw ng mga katotohanan ng Diyos, awtoridad ng priesthood, at Simbahan ay nangyari dahil sa apostasiya. Ang apostasiya ay nagaganap kapag may isa o mahigit pang tao ang tumalikod sa mga katotohanan ng ebanghelyo.

Matapos ang pagkakapako sa krus ng Tagapagligtas at ang kamatayan ng Kanyang mga Apostol, maraming tao ang tumalikod sa mga katotohanang itinatag ng Tagapagligtas (tingnan sa II Mga Taga Tesalonica 2:1–3). Ang mga alituntunin ng ebanghelyo at mga bahagi ng mga banal na kasulatan ay binaluktot o nawala. Nagkaroon ng mga di-awtorisadong pagbabago sa organisasyon ng Simbahan at sa mga ordenansa ng priesthood. Dahil sa laganap na kasamaang ito, binawi ng Panginoon ang awtoridad at mga susi ng priesthood sa lupa. Bagama't maraming mabubuti at tapat na tao na sumamba sa Diyos ayon sa liwanag

na taglay nila at nakatanggap ng sagot sa kanilang mga panalangin, naiwan ang mundo nang walang banal na paghahayag sa pamamagitan ng mga buhay na propeta. Ang panahong ito ay kilala bilang ang Malawakang Apostasiya.

May mga iba pang panahon na naganap ang apostasiya sa buong kasaysayan ng mundo.

*Mga kaugnay na paksa:* Mga Propeta at Paghahayag; Priesthood at mga Susi ng Priesthood; Mga Ordenansa at mga Tipan

### Dispensasyon

Kapag ang mga anak ng Diyos ay nag-apostasiya, buong pagmamahal Niyang tinutulungan sila sa pamamagitan ng pagtawag ng mga propeta at pagbibigay muli ng mga pagpapala ng ebanghelyo sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Ang panahon kung kailan inihahayag ng Panginoon ang Kanyang mga katotohanan, awtoridad ng priesthood, at mga ordenansa ay tinatawag na dispensasyon. Ito ay panahon na ang Panginoon ay may awtorisadong tagapaglingkod sa lupa na may priesthood at may banal na tungkulin na ihayag ang ebanghelyo at pangasiwaan ang mga ordenansa nito.

Ang mga dispensasyon ay nauugnay kina Adan, Enoc, Noe, Abraham, Moises, Jesucristo, at iba pa. Ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw, na sinimulan ng Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ay bahagi ng huwarang ito ng mga dispensasyon.

Sa bawat dispensasyon, hinangad ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta na itatag ang Sion. Ang Sion ay tumutukoy sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon na may dalisay na puso, nagkakaisa sa kabutihan, at pinangangalagaan ang isa't isa (tingnan sa Moises 7:18). Ang Sion ay tumutukoy din sa isang lugar kung saan naninirahan ang mga may dalisay na puso.

Nabubuhay tayo ngayon sa huling dispensasyon—ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon. Ito ang tanging dispensasyon na hindi magwawakas sa apostasiya. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay pupunuin kalaunan ang buong mundo at mananatili magpakailanman (tingnan sa Daniel 2:44).

*Mga kaugnay na paksa:* Mga Propeta at Paghahayag; Priesthood at mga Susi ng Priesthood; Mga Ordenansa at mga Tipan

## 5. Mga Propeta at Paghahayag

Ang propeta ay isang tao na tinawag ng Diyos na mangusap para sa Kanya (tingnan sa Jeremias 1:4–5; Amos 3:7; Juan 15:16; D at T 1:37–38). Ang mga propeta ay nagpapatotoo kay Jesucristo at nagtuturo ng Kanyang ebanghelyo. Inihahayag nila ang kalooban at tunay na pagkatao ng Diyos. Tinutuligsa nila ang kasalanan, na nagbababala sa mga ibubunga nito, at tumutulong sa atin na iwasan ang panlilinlang (tingnan sa Ezekiel 3:16–17; Mga Taga Efeso 4:11–14). Minsan, nagpopropesiya sila tungkol sa mga magaganap sa hinaharap. Nagagawa ng mga propeta ang mga tungkuling ito dahil tumatanggap sila ng awtoridad at paghahayag mula sa Diyos.

Ang paghahayag ay pakikipag-ugnayan ng Diyos sa Kanyang mga anak. Karamihan sa mga paghahayag ay dumarating sa pamamagitan ng mga impresyon, ideya, at damdamin na mula sa Espiritu Santo. Ang paghahayag ay maaari ding dumating sa pamamagitan ng mga pangitain, panaginip, at pagdalaw ng mga anghel.

Noong Kanyang mortal na ministeryo at gayundin sa ating panahon, inorganisa ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga propeta at mga apostol (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:19–20). Ang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang propeta ng Diyos sa lahat ng tao sa mundo ngayon. Sinasang-ayunan natin ang Pangulo ng Simbahan bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at ang tanging tao sa mundo na nakatatanggap ng paghahayag upang patnubayan ang buong Simbahan. Kapag matapat nating tinatanggap at sinusunod ang mga turo ng Pangulo ng Simbahan, pagpapalain tayo ng Diyos na madaig ang panlilinlang at kasamaan (tingnan sa D at T 21:4–6). Sinasang-ayunan din natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Ang mga banal na kasulatan—ang Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas—ay naglalaman ng mga paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ng mga propeta noon at ngayon. Kapag pinag-aralan natin ang salita ng mga propeta, matututuhan natin ang katotohanan at makatatanggap ng patnubay.

Bagama't nagbibigay ang Diyos ng paghahayag sa mga propeta para patnubayan ang lahat ng Kanyang mga anak, ang bawat tao ay makatatanggap ng paghahayag na tutulong sa kanilang partikular na mga pangangailangan, responsibilidad, at mga tanong at tutulong sa pagpapalakas ng kanilang mga patotoo. Gayunman, ang personal na inspirasyon mula sa Panginoon ay hindi kailanman sasalungat sa paghahayag na ibinibigay ng Diyos sa Kanyang mga propeta.

*Mga kaugnay na reperensya:* Abraham 3:22–23; Mateo 16:15–19; II Kay Timoteo 3:15–17; 2 Nephi 32:3; D at T 8:2–3; D at T 76:22–24

*Mga kaugnay na paksa:* Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman; Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood

## 6. Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood

Ang priesthood ay walang hanggang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Sa pamamagitan ng priesthood, nilikha at pinamamahalaan ng Diyos ang langit at ang lupa. Gamit ang kapangyarihang ito, tinutubos at dinadakila Niya ang Kanyang mga anak.

Ibinibigay ng Diyos ang awtoridad ng priesthood sa mga karapat-dapat na kalalakihan ng Simbahan upang sila ay makakilos sa Kanyang pangalan para sa kaligtasan at ikauunlad ng Kanyang mga anak (tingnan sa D at T 121:36, 41–42).

Ang mga susi ng priesthood ay ang karapatang mangulo, o ang kapangyarihang ibinibigay ng Diyos sa tao upang pamahalaan at pangasiwaan ang kaharian ng Diyos sa lupa (tingnan sa Mateo 16:15–19). Kailangan ang mga susi ng priesthood para pamahalaan ang pangangaral ng ebanghelyo at pangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan.

Si Jesucristo ang mayhawak ng lahat ng susi ng priesthood na nauukol sa Kanyang Simbahan. Ipinagkaloob Niya sa bawat isa sa Kanyang mga Apostol ang lahat ng mga susi na nauukol sa kaharian ng Diyos dito sa lupa. Ang Pangulo ng Simbahan ang tanging tao na may karapatang gamitin ang lahat ng mga susing iyon ng priesthood. Ang mga temple president, mission president, stake president, bishop, at quorum president ay humahawak din ng mga susi ng priesthood na nagtutulot sa kanila na mamuno at mangasiwa sa gawaing iniatas sa kanilang gawin.

Lahat ng naglilingkod sa Simbahan—lalaki at babae—ay tinatawag sa ilalim ng pamamahala ng mayhawak ng mga susi ng priesthood. Sa gayon, may karapatan sila sa lakas na kailangan nila para makapaglingkod at magampanan ang mga responsibilidad sa kanilang mga tungkulin (tingnan sa D at T 42:11).

Ang mga taong inorden sa Aaronic at Melchizedek Priesthood ay pumasok sa sumpa at tipan ng priesthood. Kung gagampanan nila ang kanilang tungkulin at matapat na tatanggapin ang Panginoon at ang Kanyang mga lingkod, makakamtan nila ang mga pagpapala ng kadakilaan. Ipinangako rin sa kababaihan ang mga pagpapala ng kadakilaan kapag sila ay matapat sa mga tipan na ginawa nila sa Panginoon.

*Mga kaugnay na reperensya:* Juan 15:16; Mga Taga Efeso 2:19–20

*Mga kaugnay na paksa:* Ang Panunumbalik; Mga Propeta at Paghahayag; Mga Ordenansa at mga Tipan

### Aaronic Priesthood

Ang Aaronic Priesthood ay kadalasang tinatawag na panimulang priesthood. Ang Aaronic Priesthood ang "may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag" (D at T 13:1). Sa pamamagitan ng paggamit ng priesthood na ito, ang sakramento ay naihahanda, nababasbasan, at napapamahalaan. Ang mga katungkulan sa Aaronic Priesthood ay deacon, teacher, priest, at bishop.

### Melchizedek Priesthood

Ang Melchizedek Priesthood ay ang mas mataas, o mas dakila, na priesthood at "may hawak ng karapatan ng panguluhan, at may kapangyarihan at karapatan sa lahat ng katungkulan sa simbahan sa lahat ng kapanahunan ng daigdig, upang mangasiwa sa mga espirituwal na bagay" (D at T 107:8). Lahat ng pagpapala, ordenansa, tipan, at organisasyon sa Simbahan ay pinamamahalaan sa ilalim ng awtoridad ng Pangulo ng Simbahan, na siyang Pangulo ng Melchizedek Priesthood. Ang priesthood na ito ay ibinigay kay Adan at nasa lupa tuwing inihahayag ng Panginoon ang Kanyang ebanghelyo. Ang mga katungkulan sa Melchizedek Priesthood ay elder, high priest, patriarch, Pitumpu, at Apostol.

*Kaugnay na reperensya:* Mga Taga Efeso 4:11–14

# 7. Mga Ordenansa at mga Tipan

## Mga Ordenansa

